

ABC123456789_2CFB0-34-5-D-B-000006

123456QG1-ABC-02/02/2020



XX/XX/XXXX



JOHN SAMPLE 1234
SAMPLE STREET
ANYTOWN CA 90000

Mahal na miyembro ng Medi-Cal,

Simula sa **Hulyo 1, 2026**, hihinto ang Medi-Cal sa pagsaklaw ng mga serbisyong dental para sa ilang miyembrong nasa hustong gulang, maliban sa mga emerhensiya. Ang pagbabagong ito ay batay sa katayuan sa imigrasyon. Apektado lang ng pagbabagong ito ang mga miyembro ng Medi-Cal na nasa edad na 19 pataas at hindi kwalipikado para sa buong saklaw na Medi-Cal.

Para malaman kung mailalapat sa iyo ang pagbabagong ito, basahin ang Immigration Status Chart sa: <https://www.dhcs.ca.gov/Medi-Cal/Pages/immigration-status-categories.aspx>.

Mananatili ka sa iyong buong saklaw na Medi-Cal na may mga benepisyong dental anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon kung:

- Ikaw ay buntis (at hanggang isang taon pagkatapos ng pagtatapos ng pagbubuntis), o
- Mas bata ka sa edad na 19, o
- Kung ikaw ay mas bata sa edad na 26 at nasa foster na pag-aalaga sa iyong ika-18 kaarawan

Kung hindi ka kwalipikado para sa buong saklaw na Medi-Cal na may mga benepisyong dental, maaari kang makakuha ng mga serbisyong dental para sa mga emerhensiya.

Ano ang mga serbisyong dental para sa mga emerhensiya?

Ang mga serbisyong dental para sa mga emerhensiya ay mga paggamot na kinakailangan kaagad upang matigil ang matinding pananakit o upang masuri at magamot ang mga biglaan at malubhang problemang medikal. Ang mga serbisyong dental para sa mga emerhensiya ay maaaring para sa:

- Pagdurugong hindi humihinto
- Masakit na pamamaga sa loob o sa paligid ng iyong bibig
- Masakit na ngipin o masakit na panga
- Mga pinsala sa iyong mukha o buto ng panga
- Impeksiyon sa iyong mga gilagid o ngipin na may kirot o pamamaga
- Pag-aalaga makalipas ang operasyon (tulad ng mga pagpalit ng benda o pagtanggag ng tahi)
- Isang sira o natanggal na ngipin
- Pagputol o pag-ayos ng mga wire sa braces na nakakasakit sa iyong pisngi o mga gilagid

Para matuto tungkol sa mga serbisyo para sa mga emerhensiya, pumunta sa: <https://smilecalifornia.org/common-questions-2/what-should-i-do-if-i-have-a-dental-emergency/>.

Ano ang kailangan kong malaman?

- Kung maaapektuhan ka ng pagbabagong ito, magagamit mo ang mga benepisyong dental mo sa Medi-Cal hanggang **Hunyo 30, 2026**. Simula sa Hulyo 1, 2026, mawawalan ka na ng buong saklaw na mga benepisyong dental at maaaring maalis sa pagkaka-enrol mula sa iyong Medi-Cal Dental Plan (Dental Managed Care Plan).
- Kung mayroon kang dental na emerhensiya, maaari kang pumunta sa isang tagapaglaang dental ng Medi-Cal para sa pag-aalaga.
- Para makahanap ng dentista ng Medi-Cal na malapit sa iyo, pumunta sa: <https://dental.dhcs.ca.gov/find-a-dentist/home>. O tumawag sa Medi-Cal Dental sa **1-800-322-6384**.
- Para matuto pa tungkol sa Medi-Cal Dental, pumunta sa: <https://smilecalifornia.org/>.
- Kung magbago ang iyong katayuan sa imigrasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal sa county upang malaman kung maaari kang maging kwalipikado para sa mga serbisyong dental. Hanapin ang impormasyon tungkol sa tanggapan ng Medi-Cal sa inyong lokal na county sa: dhcs.ca.gov/COL.
- Para iulat na ikaw ay buntis o nasa loob ng 12 buwan matapos ang iyong pagbubuntis, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal sa county.
- Mapapanatili mo ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal Dental at ililipat sa Medi-Cal Dental Program (fee-for-service) para sa iyong buong benepisyong dental kung ikaw ay:

- Buntis o isang taong postpartum (pagkatapos ng pagbubuntis), at/o
- Isang batang inaalagaan/kabataan o dating batang inaalagaan na wala pang 26 taong gulang na nasa foster na pag-aalaga noong iyong ika-18 kaarawan

Matuto nang higit pa tungkol sa Medi-Cal Dental

Para sa mga sagot sa mga tanong tungkol sa kung aling mga katayuan sa imigrasyon ang naapektuhan ng mga pagbabago, basahin ang Mga Madalas Itanong (FAQ).

Gamitin ang iyong smartphone para i-scan ang QR code sa ibaba o pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Medi-Cal-Dental-Benefit-Changes-Frequently-Asked-Questions.aspx>



Para sa higit pang tulong:

- Tawagan ang Medi-Cal Dental Lunes – Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng gabi (maliban sa mga pista-opisyal ng Estado) sa **1-800-322-6384**. Libre ang tawag.
- Para sa mga tanong tungkol sa pagiging nararapat, mga benepisyo, at mga serbisyo, tawagan ang Medi-Cal Help Line Lunes – Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng gabi (maliban sa mga pista-opisyal ng Estado) sa **1-800-541-5555**. Libre ang tawag.
- Para sa tulong sa paggamit ng inyong mga benepisyo at pag-unawa sa iyong mga karapatan, mag-email sa **MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov**. O tumawag sa **1-888-452-8609** (TTY: 711 para sa California State Relay), Lunes – Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng gabi., maliban sa mga Pista Opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O, pumunta sa: <https://www.dhcs.ca.gov/services/MH/Pages/mh-ombudsman.aspx>.
- Para sa tulong sa pagpili ng mga planong kalusugan at dental, tumawag sa Medi-Cal Health Care Options (HCO) Lunes – Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 6:00 ng gabi sa **1-800-576-6890** (TTY: 1-800-430-7077). Libre ang tawag. O pumunta sa Medi-Cal HCO sa www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov.

- Para sa mga katanungan tungkol sa iyong planong dental, tawagan ang numerong nasa likod ng iyong Medi-Cal Dental Plan card. Libre ang tawag.
- Para matuto nang higit pa tungkol sa mga pagbabago sa programa ng Medi-Cal, pumunta sa: **<https://www.dhcs.ca.gov/Medi-Cal/Pages/changes.aspx>**.
- Para sa mga katanungan tungkol sa mga pagbabago sa saklaw ng saklaw ng Medi-Cal batay sa katayuan sa imigrasyon, mag-email sa **ImmigrationPolicy@dhcs.ca.gov**.
- Para mahanap ang lokal na tanggapan ng iyong county, pumunta sa: **[dhcs.ca.gov/COL](https://www.dhcs.ca.gov/COL)**.

Salamat,

Department of Health Care Services